
Mayor's Disability Council



Edwin M. Lee
Mayor

Arfaraz Khambatta, CASp
Interim Director

Chip Supanich
Denise Senhaux
Co-Chairs

Council Members
Tatiana Kostanian
Paulette Penzvalto

Tungkol sa Konseho ng Meyor para sa mga may Kapansanan

Ang Konseho ng Meyor para sa mga may Kapansanan, tinatauhan ng mga empleyado ng Opisina ng Meyor para sa mga may Kapansanan, ay muling inorganisa ng Meyor noong Oktubre 1998 upang magbigay-daan sa isang maayos na paraan para makakuha ng impormasyon mula sa publiko.

Ang layunin ng Konsehal ng Meyor para sa mga may kapansanan ay:

- Payuhan ang Meyor ng San Francisco tungkol sa mga isyu kaugnay ng mga taong may kapansanan

- Makipagtulungan sa Opisina ng Meyor para sa mga may kapansanan upang matiyak ang pagtalima sa ADA
- Maglunsad ng pampublikong pagtitipon o forum para pag-usapan ang mga isyu kaugnay ng mga kapansanan.

Ang mga pampublikong pagpupulong ay nagtatakda ng pamantayan para sa pag-access ng isang lubos na mapupuntahan na lugar, de koryente na pambukas ng mga pintuan, madaling ma-access na upuan at podium, isang 'infra-red' na sistemang pagtulong sa pagdinig, paraan para makapagbigay ng pampublikong komentaryo mula sa telepono sa bahay, ang sabayang-isininulat-na-pinag-uusapan (open captioning) sa telebisyon, at mga tagapagsalin sa lenggwaheng pasenyas (American Sign Language).

Nagpupulong ang MDC tuwing pangatlong Biyernes bawat buwan maliban sa Agosto at Disyembre, sa City Hall, Room 400 mula 1:00 p.m. hanggang 4:00 p.m at sila din ang humahawak ng Komite sa Paghahanda sa Kalamidad para sa mga may Kapansanan (Disability Disaster Preparedness

Committee)na nagpupulong naman tuwing bawat dalawang buwan. Tingnan lamang po ang iskedyul para sa mga susunod na pagpupulong.

Maaaring panoorin ang pagpupulong ng MDC sa pamamagitan ng SFGOVTV sa:

http://sanfrancisco.granicus.com/ViewPublisher.php?view_id=17